



WarnerMedia Patakaran sa Pagkapribado ng Empleyado (ang “Patakaran”)

May-bisa - Abril 2022

PANIMULA

Ang Warner Media, LLC. at ang mas malaking grupo ng mga kaalyadong kumpanya nito (“**WarnerMedia**”, “**kami**”, “**amin**” o “**namin**”) ay naninindigan sa mga patas na kasanayan sa pagprotekta ng *data*, kasama ang kapag Nagpoproseso ng impormasyon tungkol sa aming mga empleyado (permanent man o fixed term), *intern* at *apprentice* (“**Kawani**”). [Pwede kang matuto nang higit pa tungkol sa mga *affiliated companies* ng WarnerMedia sa pamamagitan ng pagbisita sa site ng aming *controller at affiliate* \(<https://www.warnermediaprivacy.com/policycenter/b2c/affiliateslist/>\).](https://www.warnermediaprivacy.com/policycenter/b2c/affiliateslist/)

Ipinagbibigay-alam ng Patakarang ito sa mga Kawani ang tungkol sa mga kasanayan ng WarnerMedia hinggil sa paggamit ng impormasyon na maaaring mayroon ang WarnerMedia tungkol sa mga Kawani nito.

1. MGA DEPINISYON

Ang mga **Controller** ang mga *entity* ng WarnerMedia na nagpapasya ng layunin at pamamaraan ng Pagpoproseso ng Personal na Impormasyon ([makakakita ng listahan ng mga *Controller* sa pamamagitan ng pagbisita sa site ng aming *controller at affiliate* \(<https://www.warnermediaprivacy.com/policycenter/b2c/affiliateslist/>\).](https://www.warnermediaprivacy.com/policycenter/b2c/affiliateslist/)

Ang entidad ng WarnerMedia kung saan ka nagtatrabaho ay palaging isang *Controller* ng iyong Personal na Impormasyon. Depende sa partikular na aktibidad ng Pagpoproseso (gaya ng inilalarawan sa ibaba), maaaring may mahigit isang *Controller* kaugnay ng partikular na Personal na Impormasyong iyon (halimbawa, kung ibinabahagi ang iyong Personal na Impormasyon sa isang parent na kumpanya para sa mga layuning pangnegosyo, ang parent na kumpanyang ito ay maaaring isa ring *Controller* kaugnay ng Pagpoprosesong iyon). Kung mayroon kang anumang tanong tungkol sa kung sino ang *Controller* para sa iyong Personal na Impormasyon, maari kang makipag-ugnayan sa amin gamit ang mga paraang nakasaad sa seksyon 7 sa ibaba.

Ang **Personal na Impormasyon** ay anumang data o impormasyong ipinoproseso namin na tumutukoy, nauugnay, naglalarawan o maaaring maiugnay sa, o posibleng ma-link, nang direkta man o hindi direkta, sa isang indibidwal.

Ang **Pagpoproseso, Proseso, Ipinoproseso** ay tumutukoy sa anumang aksyong isinasagawa ng WarnerMedia sa Personal na Impormasyon, gaya ng pangongolekta, pagtingin, pag-*access*, pag-*record*, pag-oorganisa, pagsusuri, pag-*store*, pagbago, paggamit, pagbubunyag o pag-*delete* ng naturang Personal na Impormasyon at/o anumang tinutukoy ng mga naaangkop na batas.

Ang **Sensitibong Personal na Impormasyon** ay Personal na Impormasyong nangangailangan ng mataas na antas ng proteksyon ayon sa batas. Bilang partikular, sa ilalim ng Patakarang ito, kasama rito ang lahat ng impormasyong tinutukoy bilang isang espesyal na kategorya ng personal na data sa ilalim ng

General Data Protection Regulation (GDPR), at iba pang mga naaangkop na batas sa pagprotekta ng *personal data*, at/o mga regulasyon. Ang Sensitibong Personal na Impormasyon ay maaaring kabilangan ng Personal na Impormasyong nagbubunyag ng pinagmulang lahi o etnisidad, mga pulitikal na opinyon, mga paniniwalang panrelihiyon o pulitikal, pagiging miyembro ng *trade union*, *genetic data* at *biometric data* na lpinoproseso para sa layunin ng natatanging pagtukoy sa isang indibidwal, *data* na nauugnay sa kalusugan, sekswal na buhay o sekswal na oryentasyon, at pati Personal na Impormasyon nauugnay sa mga pagkakahatol at paglabag bilang kriminal o mga nauugnay na hakbang na panseguridad, at sa ilang partikular na hurisdiksyon kung saan iniaatas sa ilalim ng naaangkop na batas, mga password at pinansyal na impormasyon (gaya ng *bank account*, o *credit* o *debit card*, o iba pang mga detalye ng *payment instrument*).

2. MGA LAYUNIN AT LEGAL NA BATAYAN NG PAGPOPROSESO NG PERSONAL NA IMPORMASYON

Hangga't pinahihintulutan ng batas at kung kinakailangan, nagpoproseso kami ng Personal na Impormasyon ng mga Kawani para sa mga sumusunod na layunin:

- (i) Para patunayan at tuparin ang anumang kontratang kasama ka, para panatilihin, pamahalaan o wakasan ang anumang ugnayang kontraktwal at para mabigyang-daan kang magsagawa ng anumang mga serbisyo para sa mga layunin ng iyong trabaho o iba pang dahilan, o kung kinakailangan kaugnay ng mga serbisyo o benepisyong hinihiling mo sa amin, bilang partikular:
 - Pangangasiwa ng *payroll* at mga bepepisyong pamamahala ng pagliban, pagpapasweldo at gastusin;
 - Pamamahala sa aming mga tauhan, halimbawa, onboarding at *exit management* at *performance*;
 - Pagbibigay sa iyo ng *access* sa *medical insurance*, mga plano ng pensyon at iba pang mga benepisyong iniaalok ng WarnerMedia at iba pang mga *provider* kasama ang pamamahala ng mga paglilipat, pagbibiyaha at/o reloksyon ng empleyado (kasama ang tulong sa imigrasyon). Sa ilang benepisyong maaaring kailanganin mong magbigay ng Personal na Impormasyong nauugnay sa mga miyembro ng pamilya, partner o kamag-anak, kung saan kakailanganin mong magpaalam sa kanila bago mo ibigay ang Personal na Impormasyon sa amin at makuha ang pagpayag nila kung kinakailangan ito ng naaangkop na batas;
 - Pamamahala sa mga karapatan at paglalagay ng *credit*, kung naaangkop; at
 - Pag-asikaso ng propesyonal na pagbibiyaha (kasama ang akomodasyon sa hotel) at nauugnay na *insurance*.
- (ii) Para sumunod sa isang legal na obligasyon kasama ang para sa:
 - Pagbabawas sa *payroll* para sa mga layuning pambuwis at *social security* at pagbibigay ng impormasyon sa mga awtoridad ng buwis at *social security* ayon sa iniaatas ng batas;
 - Pamamahala sa *sick pay* at *maternity/paternity/parental pay* na naaayon sa batas;
 - Paglahok sa mga mandatoryong aktibidad sa *employee relations engagement*;
 - Pagsasagawa ng mga kinakailangang *check* sa karapatang magtrabaho; at

- Pagsasagawa at pagkamit ng kalusugan at kaligtasan sa trabaho at mga kinakailangang medikal na *assessment*.

(iii) Para sa aming mga lehitimong interes, gaya ng nakalista sa ibaba (kung saan hindi nahihigitan ng iyong mga karapatan sa pagprotekta ng data ang aming mga interes), o kung saan nagbigay ka ng iyong pagpayag ayon sa kinakailangan sa ilalim ng naaangkop na batas sa ilang partikular na hurisdiksyon:

- Pag-*develop* sa aming mga tauhan – halimbawa, *training* at *leadership development*, *succession management*, pagbibigay ng *award*, mga aktibidad sa *social corporate responsibility*, mga survey sa empleyado at mga mensahe sa mga empleyado;
- Pagpaplano sa ating negosyo, kasama ang *succession planning*, *reorganization* at *restructuring*, pagpaplano ng lokasyon ng opisina, pag-uulat ng negosyo at HR at pagsusuring pang-istatistika sa ating lakas-paggawa, pagpaplano ng *promo*, *pitching*, mga aplikasyon para sa mga *award* at iba pang propesyonal na paggagawad, pakikipagtulungan o pakikilahok sa mga inisyatiba ng industriya, pag-apply para sa mga insentibo sa industriya ng *entertainment* (kung naaangkop), pagdalo at pag-oorganisa ng mga propesyonal o promosyonal na *event*, anumang aktibidad na nauugnay sa pagbangon mula sa sakuna, pag-back up at pang-araw-araw na *continuity* ng negosyo at pag-*record*/pag-*archive* ng anumang mga operasyong pangnegosyo at anumang dokumento kabilang ang mga kontrata, email, produksyon o likha para sa *marketing*;
- Pag-*develop*, pag-kokomisyon, paggawa, paglalathala, pamamahagi, pag-*promote* at pag-*commercialize* sa aming mga produksyon, laro at/o iba pang *audio-visual content*, kung naaangkop;
- Pagstore at pag-*archive* sa aming mga produksyon, laro at/o iba pang *audio-visual content*, kung naaangkop;
- Pagprotekta sa aming mga lehitimong pangnegosyong interes at mga legal na karapatan. Kasama rito ang, pero hindi ito limitado sa, paggamit kaugnay ng mga legal na *claim*, mga layunin sa *compliance*, pang-regulasyon, pag-audit, pag-imbestiga at pandisiplina (kasama ang pagbubunyag ng naturang impormasyon kaugnay ng legal na proseso o paglilitis, o kung hinihiling ng mga alagad ng batas o iba pang nauugnay na tao sa labas ng WarnerMedia (o *third party*)) at Pagpoproseso kaugnay ng mga patakaran sa etika at *compliance* gaya ng *Standards of Business Conduct* at mga nauugnay na *tool* para sa pag-uulat;
- Pamamahala sa *performance* at seguridad ng aming kagamitan, mga pasilidad, *intellectual property* at mga *electronic platform* alinsunod sa aming mga patakaran. Kasama rito ang pangangasiwa sa mga karapatan sa *access*, pamamahala at pagkontrol ng gusali at *access* sa lugar kasama ang mga *access log*, pagsubaybay sa *compliance* sa mga patakaran sa *information security* at iba pang mga patakaran ng WarnerMedia, pagpapatakbo ng CCTV at iba pang *software* at mga *system* para sa *recording*, at kung pinahihintulutan ng lokal na batas at alinsunod sa mga nauugnay na patakaran, paggamit ng Personal na Impormasyon para sa mga imbestigasyon at aksyong pandisiplina;

- Pagtiyak sa kaligtasan at proteksyon ng aming mga Kawani, mga taong hindi empleyado at mga bisita;
- Pagbibigay ng mga serbisyong pangkomunikasyon gaya ng *email*, telepono at *access* sa *internet*;
- Pagsasagawa ng mga aktibidad ng komunikasyon at *engagement*, kasama ang pagpapadala ng mga *internal* na mensahe sa mga Kawani (kasama ang pakikipag-ugnayan, at pag-alerto, sa mga empleyado sa isang krisis), mga diskwento ng mga Kawani, *loyalty* o *affinity program*, at access sa mga *promo*, kumpetisyon, at produkto ng kumpanya, pamamahala sa pakikilahok sa mga *event* at pangangasiwa sa impormasyon ng *contact* na pang-*emergency*;
- Pag-*publish* ng mga *internal* na direktoryo, *chart* at pagbibigay ng iba pang mga *internal* na kagamitan para sa komunikasyon. Kasama rito ang impormasyong ibinibigay mo para sa anumang *internal* na *profile* sa kumpanya (kasama ang iyong larawan, kung naaangkop at pinahihintulutan sa ilalim ng naaangkop na batas);
- Kung naaangkop, pagsusuri at pagsubaybay sa *diversity* ng lakas-paggawa alinsunod sa mga naaangkop na batas. Halimbawa, kasama rito ang pagsunod sa batas pang-manggagawa na may patas na oportunidad;
- Pagkuha ng *insurance* at pagpoproseso ng mga *claim*;
- Pagsasagawa ng mga *survey* sa empleyado at pag-kuha sa mga tao sa labas ng WarnerMedia (o *third party*) na magsagawa ng mga *survey* sa empleyado; at
- Pangangasiwa sa iyong Personal na Impormasyon kaugnay ng mga aktibidad sa *recruitment* o *onboarding* na nilalahukan mo, kasama ang mga CV review, interbyu, mga *conflict of interest* (kung pinahihintulutan ng batas) na nauugnay na *vetting* at mga *background check* at pag-apply para sa mga *visa/work permit*, kung naaangkop.

(iv) Kung saan ibinigay mo ang iyong pagpayag tulad ng sa:

- Pagbibigay ng mga reference sa mga tao sa labas ng WarnerMedia (o *third party*) na hiniling mo;
- Pagsasagawa ng ilang partikular na *vetting* at *background check* kung saan kinakailangan ng batas ang iyong pagpayag; at
- Pagpoproseso ayon sa inilalarawan sa iba pang pagpayag na hinihiling namin sa iyo.

Kung saan kasama sa alinman sa mga layuning ito ang Pagpoproseso ng Sensitibong Personal na Impormasyon, gagawin lang ito kung ito ay pinahihintulutan ng naaangkop na batas, halimbawa, dahil ibinigay mo ang iyong tahasan at malayang pagpayag (na maaaring pasulat), dahil tahasan mong isinapubliko ang Personal na Impormasyon, dahil kinakailangan naming isagawa ang Pagpoproseso dahil sa mga naaangkop na batas pang-manggagawa o *social security*, o dahil may mahalagang pampublikong interes sa Pagpoprosesong ito.

Kung saan kinasasangkutan ng Pagpoprosesong ito ang mga aktibidad ng *monitoring*, ang anumang naturang *monitoring*, *interception* o imbestigasyon ay isasagawa alinsunod sa mga kasunduan sa pangangasiwa para matiyak ang pagsunod sa mga naaangkop na batas (kung pinahihintulutan ng mga

naaangkop na batas ang naturang mga aktibidad ng *monitoring*) at mga *internal* na patakaran. Kung pinahihintulutan, ang ilan sa mga ito ay maaaring ma-*convert* o partikular na ma-*target* kaugnay ng partikular na mga Kawani. Mangyayari lang ito sa mga bihirang pagkakataon at karaniwan ay may alalahanin tungkol sa pag-aasal ng indibidwal o may hinalang may kriminal na aktibidad. Ang anumang Personal na Impormasyong kinakalap para maitaguyod ang katotohanan at bilang ebidensya sa anumang potensyal/susunod na pagdinig na/aksyong legal, kriminal o pandisiplina. Ang pagsubaybay ay ginagamit din para sa mga layunin ng *business continuity*, kasama kung saan lumiban o umalis na sa negosyo ang mga Kawani.

3. URI AT MGA PINAGMUMULAN NG PERSONAL IMPORMASYONG KINOKOLEKTA

Karaniwan ay mangongolekta kami ng Personal na Impormasyon nang direkta mula sa mga Kawani at kokolektahin namin ang Personal na Impormasyong hiniling mula sa iyo o na ibinibigay mo, bilang bahagi ng iyong pagtatrabaho, kasama ang mga detalye ng kontrata, gaya ng *address*, numero ng telepono at *email address*, at pinansyal na impormasyon, gaya ng mga detalye ng *bank account*. Maaari din kaming gumawa ng Personal na Impormasyon bilang bahagi ng iyong pagtatrabaho, gaya ng mga *record* ng iyong *performance*, mga kakayahan at karanasan, impormasyon ng sweldo, at mga *record* ng pagliban. Gayunpaman, hangga't pinahihintulutan ng batas at kung kinakailangan, para makamit ang mga layunin ng Pagpoproseso, maaaring mangolekta ang WarnerMedia ng Personal na Impormasyon mula sa iba pang mga pinagmumulan (kung saan pinahihintulutan ng mga naaangkop na batas), kasama ang, pero hindi ito limitado sa:

- Mga organisasyon ng pamahalaan, mga *provider* ng kalusugan at mga *provider* ng mga benepisyo, halimbawa, impormasyong kinakailangan para matukoy kung aling mga benepisyo ang hinahangad o kinakailangan para matiyak ang pagsunod sa mga batas ng pagbubuwis;
- Mga *partner* sa negosyo at mga *service provider* gaya ng mga kumpanyang nagbibigay ng *training* at iba pang mga nauugnay na aktibidad, mga kumpanyang nagbibigay ng mga *background check*, mga kumpanya ng telepono at mga kumpanya ng *taxi*. Pwede itong magsama ng mga detalye ng iyong *training*, mga detalyeng kasama sa anumang *background* o *vetting check* at mga detalye ng iyong paggamit ng aming mga *service provider*;
- Mga *supervisor* ng mga Kawani at mga kasamahan o mga itinalagang *referees*; at
- Impormasyong *available* sa publiko na maaaring na-*post* sa *internet*, sa mga pahayagan, atbp. kung ginagamit kaugnay ng mga imbestigasyon o mga *vetting check*, o kung ipaparating ito sa amin sa iba pang paraan.

4. PAGPAPANATILI NG DATA

Nagtataglay ang WarnerMedia ng Personal na Impormasyon hangga't kinakailangan lang para sa mga layunin ng Pagpoproseso ng Personal na Impormasyon. Ibig sabihin, mag-iiba-iba ang mga yugto ng pagpapanatili na iyon alinsunod sa uri ng Personal na Impormasyon at dahilan ng pagkakaroon namin ng Personal na Impormasyong ito.

Sa pangkalahatan, panghahawakan namin ang iyong Personal na Impormasyon sa panahon ng iyong ugnayang pang-*employment* sa amin (maliban kung mas maikling yugto lang ang pinahihintulutan ng naaangkop na batas) at para sa isang partikular na yugto pagkatapos ng pagwawakas ng pagtatrabaho. Mayroon kaming detalyadong patakaran sa *internal* na pagpapanatili na nagtatakda sa iba't ibang yugto ng pagpapanatili para sa iba't ibang kategorya ng Personal na Impormasyon, depende sa aming mga legal na obligasyon at kapag may komersyal na pangangailangan na panatilihin ang Personal na Impormasyon. Kapag natapos na ang yugto ng pagpapanatili, ligtas na ide-*delete* ang Personal na Impormasyon, maliban, kung pinahihintulutan sa ilalim ng naaangkop na batas, kung kinakailangan ito para sa pagtataguyod, pagsusulong o pagtatanggol sa mga legal na claim. Para sa dagdag na impormasyon hinggil sa mga naaangkop na yugto ng pagpapanatili, dapat kang makipag-ugnayan sa iyong *Controller* gamit ang mga paraang nakatakda sa ibaba.

5. PAGLILIPAT, PAGBABAHAGI, AT PAGBUBUNYAG NG PERSONAL NA IMPORMASYON

Maaaring magbahagi ang WarnerMedia ng Personal na Impormasyon ng mga Kawani sa mga tao sa labas ng WarnerMedia (o *third party*) na matatagpuan sa iba't ibang bahagi ng mundo at partikular sa United States kung saan matatagpuan ang WarnerMedia, LLC. [Pwede kang matuto nang higit pa tungkol sa mga kumpanya ng WarnerMedia sa pamamagitan ng pagbisita sa site ng aming controller at affiliate \(https://www.warnermediaprivacy.com/policycenter/b2c/affiliateslist/\)](https://www.warnermediaprivacy.com/policycenter/b2c/affiliateslist/). Sa tuwing naglilipat kami ng Personal na Impormasyon sa labas ng United Kingdom, Switzerland, European Economic Area (EEA), Mainland China o anumang bansang naghihigpit ng mga paglipat ng *personal data*, tinitiyak naming may mga angkop na pag-iingat sa pamamagitan ng paggamit ng mga angkop na mekanismo ng pag-lipat ng *data* gaya ng isang desisyon sa kaangkupan na ginagamit ng naaangkop na hurisdiksyon gaya ng *EU Commission* gamit ang inaprubahang *Standard Contractual Clauses*, internasyonal na sertipikasyon para sa paglipat ng *data*, o mga *code of conduct*, o *Binding Corporate Rules*.

Maaaring makakuha ang mga Kawani ng dagdag na impormasyon tungkol sa mekanismo ng pag-lipat na ginagamit namin kapag nililipat ang kanilang Personal na Impormasyon sa labas ng United Kingdom, Switzerland, EEA o iba pang mga hurisdiksyong maaaring nangangailangan ng mekanismo ng pag-lipat sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa amin sa WMPrivacy@warnermedia.com.

- **Pagbabahagi ng data sa grupo ng mga kumpanya ng WarnerMedia**

Ang lahat ng entidad ng WarnerMedia ay bahagi ng grupo ng mga kumpanya ng WarnerMedia na nagnenegosyo sa iba't ibang bansa. Ang lahat ng miyembro ng grupo ng kumpanya ng WarnerMedia ay sumusuporta at nakikipag-ugnayan sa isa't isa para mapatakbo ang mga negosyo nila at makapagtakda ng estratehiyang pambuong group. Ang ilang partikular na Personal na Impormasyon ay pwedeng ma-access ng alinman sa grupo ng mga kumpanya ng WarnerMedia sa buong mundo (gaya ng impormasyon ng *corporate directory*) kapag may legal na batayang gawin ito. Ang iba pang Personal na Impormasyon ay Ipoproseso ng iyong mga *line manager*, mga empleyado sa iyong lokal na *HR team* at ng *Legal, Compliance, Financial at HR shared services teams* kung nauugnay, kinakailangan at naaayon sa batas ang mga ito. Ang ilan sa mga empleyado at *IT system* na ito ay maaaring natatagpuan sa labas ng iyong bansa, kasama ang US. Ang lahat ng *access* ay sumasailalim sa mga hakbang at *internal* na kontrol sa seguridad ng *data* na itinataguyod sa ilalim ng mga naaangkop na patakaran ng

WarnerMedia at ang sakop lang nito ay kung ano ang nauugnay at naaangkop para sa kinaauukulang lehitimong layunin.

Ang ilang Personal na Impormasyon ay ibinabahagi sa WarnerMedia group of companies para sa mga layunin sa pag-uulat sa grupo, legal, pamamahala at panregulasyon, kasama ang pangalan, mga employee at *ID number*, petsa ng kapanganakan, impormasyon sa tungkulin at impormasyon sa sweldo. [Pwede kang matuto nang higit pa tungkol sa mga kumpanya ng WarnerMedia sa pamamagitan ng pagbisita sa site ng aming controller at affiliate \(https://www.warnermediaprivacy.com/policycenter/b2c/affiliateslist/\).](https://www.warnermediaprivacy.com/policycenter/b2c/affiliateslist/)

- **Pagpapalit ng Kontrol**

Kung sakaling sasailalim kami sa isang paglipat sa negosyo gaya ng isang *merger, acquisition, bankruptcy, reorganization*, o pagbebenta ng lahat o bahagi ng aming mga *asset*, o proseso ng *diligence* kaugnay ng isang potensyal na transaksyon sa negosyo, ang impormasyong kinokolekta at pinananatili namin ay maaaring ibunyag, ibenta, o ilipat bilang bahagi ng transaksyong iyon. Kung ang naturang paglilipat ay sumasailalim sa mga karagdagang paghihigpit sa ilalim ng naaangkop na batas, susunod kami sa mga naturang paghihigpit.

- **Pagbabahagi ng data sa mga tao sa labas ng WarnerMedia (o third party)**

Kailangan ng WarnerMedia na makipag-ugnayan sa mga tao sa labas ng WarnerMedia (o *third party*) para mapatakbo ang bawat aspeto ng negosyong nito. Kung kinakailangan para sa mga aktibidad ng Pagpoproseso na nakatakda sa seksyon 2 sa itaas, nagbabahagi ang WarnerMedia ng Personal na Impormasyon sa:

- (i) **Mga third party service provider** na tumutulong sa WarnerMedia na isagawa ang mga aktibidad nito sa negosyo, halimbawa, mga *IT provider* (mga resource at suporta), mga *provider* ng *training*, mga kumpanya ng seguridad, mga *provider* ng mga benepisyo, mga *service provider* ng *payroll* at iba pang nauugnay sa HR, mga kumpanya ng pagbibiyaha/mga *event*/komunikasyon, mga kumpanya ng *hotel* at transportasyon atbp. Pati anumang mga *adviser* (hal. mga abogado, *accountant, auditor*, atbp.) at mga kumpanya ng *insurance*;
- (ii) **Mga partner sa negosyo** gaya ng mga *partner* sa *event*, mga *co-producer*, mga *broadcaster*, mga *licensee* at mga *distributor* at mga *organizer* ng mga *award*; at
- (iii) **Iba pang mga nauugnay na tao sa labas ng WarnerMedia (o third party)** gaya ng mga mamamahayag, propesyonal na organisasyon, mga *industry body*, mga pampubliko/panggobyernong ahensya o awtoridad, mga alagad ng batas, mga *emergency* na *contact* at serbisyo o mga potensyal na bumibili ng WarnerMedia o mga bahagi ng negosyo nito at mga advisor ng mga potensyal na bibili nito.

6. MGA KARAPATAN NG MGA KAWANI AT MANDATORYONG PAGPOPROSESO

Gaya ng itinatakda ng naaangkop na batas, ang mga Kawani ay may karapatang ma-**access** ang kanilang Personal na Impormasyon; para **iwasto (o i-update), i-delete** o **paghihigpitan** (ihinto ang anumang aktibong) ang Pagpoproseso ng kanilang Personal na Impormasyon; at para makuha ang Personal na Impormasyon na ibinibigay nila sa amin sa isang *structured*, karaniwang ginagamit at *machine-readable*

na *format* at para hilingin sa aming ibahagi (**portability**) ang Personal na Impormasyong ito sa ibang *Controller*.

Bilang karagdagan, ang mga Kawani ay may karapatang **tumutol sa Pagpoproseso** ng kanilang Personal na Impormasyon sa ilang pagkakataon (bilang partikular, kung saan hindi namin kailangang Iproseso ang Personal na Impormasyon para matugunan ang isang kontraktwal o legal na pangangailangan). Kung hiniling sa iyo ng WarnerMedia ang iyong pagpayag, may karapatan kang **bawiin ang iyong pagpayag** anumang oras sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa iyong *Controller* na gamit ang mga paraan ng pakikipag-ugnay na nakatakda sa ibaba.

Gaya ng inilalaan sa naaangkop na batas, ang mga Kawani ay may karapatan ding **hindi sumailalim sa ilang partikular na ganap na *automated* desisyon**.

Ang mga karapatang nakatakda sa itaas ay hindi palaging naaangkop o maaaring nalilimitahan sa ilalim ng GDPR o naaangkop na batas. Sa ilalim ng ilang partikular na pagkakataon, hindi maaaring matupad ng WarnerMedia ang isang kahilingan sa mga dahilang ito. Ipapaalam sa iyo ng WarnerMedia ang mga nauugnay na *exemption* na ginagamit namin kapag tumutugon sa anumang kahilingan mo.

Kung hindi ka nasisiyahan sa kung paano tumugon ang WarnerMedia sa iyong kahilingan o kung paano namin Ipinoproseso ang iyong Personal na Impormasyon, may karapatan ka ring magreklamo sa *data protection authority* kung saan ka nakatira, nagtatrabaho o kung saan ka naniniwalang nagkaroon ng paglabag at karapatang magsampa ng kaso sa mga hukuman.

Sasabihin namin sa iyo kung saan mandatory ang pangongolekta ng Personal na Impormasyon – maisasama rito ang Personal na Impormasyong kinakailangan para maipatupad ang kontrata namin sa iyo, impormasyong kinakailangan para masuri ang iyong karapatang magtrabaho at mapamahalaan ang iyong performance. Alinsunod sa pinahihintulutan sa ilalim ng naaangkop na batas, ang kabiguang magbigay ng impormasyon ay maaaring maging paglabag sa iyong kasunduan sa amin, at maaaring magkaroon ng mga kahihinatnang pandisiplina. Kinakailangan din ng mga Kawani na mag-ulat ng mga pagbabago sa Personal na Impormasyon na mandatory (bilang partikular, ang iyong *bank account number* at anumang mga pagbabago sa iyong mga detalye para sa pakikipag-ugnayan). Kung opsyonal na ibinibigay ang Personal na Impormasyon, halimbawa, mga detalye ng isang *emergency* na *contact*, maaaring magkaroon ng masasamang kahihinatnan kung tatangi kang ibigay ito.

7. PAKIKIPAG-UGNAY SA IYONG CONTROLLER

Para ma-access ang alinman sa mga karapatang nakalista sa seksyon 5 sa itaas, o kung mayroon kang anumang mga tanong o alalahanin tungkol sa paraan kung paano Ipinoproseso ng WarnerMedia ang iyong Personal na Impormasyon (o anumang mga tanong tungkol sa Patakarang ito), o para makipag-ugnay sa ang iyong *Controller* o *DPO* ng iyong *Controller*, paki-email ang WMPrivacy@warnermedia.com. Pwede ka ring makipag-ugnayan sa iyong lokal na *HR team* para sa iyong mga katanungan o alalahanin, pero ang paggamit ng *email address* sa itaas ay mas mainam na makakapagdirekta ng iyong tanong sa aming *Privacy team*.

Ang *Data Protection Officer*:

Susan Rohol
4000 Warner Blvd.

Burbank, CA 91522
USA

8. MGA PAGBABAGO SA PATAKARAN

Nakalaan sa WarnerMedia ang karapatang baguhin ang Patakarang ito anumang oras. Hangga't iniaatas ng batas, ang mga pagbabago sa Patakarang ito ay ipaparating sa mga Kawani at, kung naaangkop, hihiling ng karagdagang pagpayag.